

صحيح الدعاء والثناء على الله تعالى

Lehitimong mga Panalangin at Pagpuri sa Allah -ta'ala-

Dr. Abdullah bin Hamoud Al-Farih

Mabubuting-asal sa panalangin

Mga Papuri sa Allah ta'ala

Mga Panalangin sa Quran

Mga Panalangin sa Salah

Mga Panalangin ng Nabiyy

Mga Panalangin ng
Pagpapaprotekta ng Nabiyy

Mga Panalangin sa 'Ruqya'

Mga Panalangin Pag-alaala sa
Umaga't Gabi

د. عبد الله بن حمود الفريح

Mag-click sa nais na paksa upang
magpatuloy Tungo sa Panalangin
at Pag-alaalang ninanais



Panimula

Ang Pagpuri na nararapat sa Allah ay tanging Kanya lamang, Ang Panginoon ng mga sanlibutan, at ang Pagpapala at Kapayapaan ay mapasa Kanyang Marangal na Sugo, at sa kanyang pamilya at lahat na kanyang mga kasamahan. Ito ay isang kapaki-pakinabang na aklat kung saan maraming mga uri ng mga panalangin (papuri sa Allah -ta'ala-, mga panalangin mula sa Qur'an, mga panalangin ng Nabiyy -salla-llahu 'alayhi wa sallam-, ang mga panalanging pagpapaprotekta ng Nabiyy -salla-llahu 'alayhi wa sallam-, at ang 'Ruqyah' sa lehitimong kapamaraan, at ang mga panalanging pag-alaala sa umaga at gabi) pati na rin ang mga mabubuting-

asal sa pananalangin, at iningatan kong piliin ang awtentik na mga panalangin. Upang magsumikap ang isang Muslim sa pananalangin tulad ng nabanggit sa Qur'an at Sunnah na mga panalangin na pinagsama ang maraming mga kabutihan, at inihanda ko ang bawat panalangin na nakasulat sa wikang Arabik at isinalin sa wikang Tagalog at isinulat ang pagbigkas ng panalangin na ito, at binanggit ko ang wastong pagkakaulat na awtentik ang mga hadith hinggil sa mga panalangin sa hulihan ng libro, at hinihiling ko sa Allah –ta'ala– na gawing dalisay ang gawaing ito na para lamang sa Kanyang ikalulugod, at pagpalain ng Allah ang ating Propeta na si Muhammad at ang kanyang pamilya at lahat ng kanyang mga kasamahan.

Dr. Abdullah bin Hamoud Al-Farih





Sa mga kamay ko ay mga Panalangin



O Muslim, ikaw ay nangangailangan sa iyong Panginoon ... Siya naman niyan ay Mayaman, ang Pinaka Maluwalhati.

Narito ang mga panalanging naisalaysay ... ihanda mo rito ang iyong puso...

Ito ay ang mga panalangin na saklaw niya ang lahat ng kabutihan.

Isaulo mo mula rito ang abot ng iyong makakaya.

Gaano karaming mga panalangin ang sapat na para sa lahat ng iyong mga kahilingan.

Dahil ito ay mga panalangin na may kaunting mga salita ngunit may malawak na kahulugan.

Hindi ka makukulangan rito liban sa kinailangang nariyan ang presensya ng iyong puso

At ang iyong pagsubmita sa iyong Panginoon ...

Mabubuting-asal sa Pananalangin

Una: Kailangan sa nananalangin ang purong layunin na tanging para lamang sa Allah –ta'ala–, at alam niya nang mayroong katiyakan na tanging ang Allah –ta'ala– lamang ang Nag-iisang may kakayahan na sagutin ang kanyang panalangin, kaya't hindi siya nananalangin sa iba maliban sa Allah –ta'ala– at hindi nakikiusap sa iba na maging tagapamagitan, maging propeta man, o isang banal, o kaya'y anghel, o kaya'y matuwid na lingkod, o kahit sino pa man, Sinabi ng Allah –ta'ala–:

﴿فَادْعُوا اللَّهَ مُخْلِصِينَ لَهُ الدِّينَ﴾ [غافر: ١٤]

Na sa salin ng kahulugan: Kaya't manalangin kayo sa Allah ng taos-pusong para lamang sa Kanya, at Kanya rin ang pamamaraan ng Pagsamba. [SalinngKapaliwanagan < Qur'an: Ghafir: 14]

Pangalawa: Dapat mong isaalaala na ang iyong pagsagawa pa lamang ng pananalangin ay isa nang malaking gawaing pagsamba na ikakalugod ni Allah –ta'ala–, at gagantimpalaan ka dito hindi alintana ang pagtugon sa iyong panalangin.

Pangatlo: Dapat kang magtiwala sa Allah –ta'ala– at sa Kanyang

lubos na kakayahan na sagutin ang iyong mga panalangin, at hindi mo na kailangan na mapalapit sa isang nilalang na maglalapit sa iyo sa Allah -ta'ala-, o anumang katulad nito na mga pamamaraang heretiko na maglalagay sa isang muslim sa pagpapamagitan na hindi pinahihintulutan

Pang-apat: Ang Allah ta'ala ay nasisiyahan sa iyong pagbabalik-loob at pagtungo sa Kanya, gaano ka man kalayo dahil sa iyong mga kasalanan, kaya't mag-ingat, huwag mo akalaing malayo ka sa kasagutan ng iyong mga panalangin o mawalan ng pag-asa sa Kanyang awa, ngunit isa-alaala ang Kanyang

kagalakan sa iyong pagbabalik-loob at iyong pagtungo sa kanya - at Siya ay walang pangangailangan, ang kaluwalhatian ay sa Kanya - isaalaala ang Kanyang sinabi:

﴿إِنَّ اللَّهَ يَغْفِرُ الذُّنُوبَ جَمِيعًا﴾ [زمر: ٥٣]

Na ang salin ng kahulugan:

Sa katunayan pinapatawad ng Allah ang lahat ng mga kasalanan.

At ang Kanyang sinabi:

﴿وَإِذَا سَأَلَكَ عِبَادِي عَنِّي فَإِنِّي قَرِيبٌ أُجِيبُ

دَعْوَةَ الدَّاعِ إِذَا دَعَانِ﴾ [بقره: ١٨٦]

Na ang salin ng kahulugan:
Kapag ikaw ay tanungin ng Aking mga tagapagsamba tungkol sa Akin, tunay na Ako'y malapit, sasagutin

Ko ang panalangin ng nananalangin kung siya ay mananalangin sa Akin.

Panglima: Ang pagkain at inumin ng nananalangin ay dapat hindi nagmula sa masama o hanapbuhay na makasalanan, sapagkat ito ang isa sa mga hadlang na masagot ang panalangin. Base sa hadith na isinalaysay ni Abu Hurayrah iniulat niya na ang Sugo ng Allah, -salla-llahu 'alayhi wa sallam-:

«الرَّجُلُ يُطِيلُ السَّفَرَ أَشْعَثَ أَغْبَرَ، يَمُدُّ يَدَيْهِ إِلَى السَّمَاءِ، يَا رَبِّ، يَا رَبِّ، وَمَطْعَمُهُ حَرَامٌ، وَمَشْرَبُهُ حَرَامٌ، وَمَلْبَسُهُ حَرَامٌ، وَغُذِيَ بِالْحَرَامِ، فَأَنَّى يُسْتَجَابُ لِذَلِكَ؟»:

Na sa salin ng kahulugan:

Isang taong malayo ang nilakbay, ang kanyang buhok ay naging buhaghag na at maalikabok na ang kanyang suot, itinaas niya ang kanyang kamay sa langit sa pananalangin, O Panginoon, O Panginoon, ngunit ang kayang pagkain ay nagmula sa Haram, at ang kanyang iniinom ay mula sa haram, at ang kanyang damit ay mula sa haram, at kumain siya ng haram, kung kaya't base saan siya sasagutin sa kanyang pinapanalangin (Salin ng Hadith na iniulat ni Muslim 1015)

Pang-anim: Nararapat sundin ng nananalangin ang mabubuting-asal at Sunnah ng pananalangin, na:

1 Ang manalangin habang nasa kalagayan ng kalinisan, Kaya't isagawa ang 'wudu' na paghuhugas katulad ng paghuhugas na para sa Salah.

Ito ay base sa hadith na isinalaysay ni Abu Musa - radiya-llahu 'anhu - na naiulat sa dalawang Sahih, at kanyang ikwinto ito kasama ang kanyang tiyuhin na si Abu Amer - radiya-llahu 'anhu - at sa hadith itinagubilin ni Abu Amer kay Abu Musa na hilingin sa Nabiyy -salla-llahu alayhi wa sallam- na manalangin para sa kanya, kaya ipinaalam ito ni Abu Musa, 'ikanya: Siya ay humiling ng tubig, at nagsagawa ng wudu na paghuhugas

mula rito, pagkatapos ay kanyang itinaas ang kanyang dalawang kamay, at kanyang sinabi:

«اللَّهُمَّ اغْفِرْ لِعَبِيدِي، أَبِي عَامِرٍ»

"O Allah patawarin Mo po si 'Ubayd Abu Amir." Hanggang nakita ko ang puti ng kanyang kilikili, at kanyang sinabi:

«اللَّهُمَّ اجْعَلْهُ يَوْمَ الْقِيَامَةِ فَوْقَ كَثِيرٍ مِنْ خَلْقِكَ، أَوْ مِنَ النَّاسِ»:

"O Allah ipangyari na sa Araw ng Paghuhukom siya'y nasa ibabaw ng Iyong maraming nilikha, o mga tao." (Salin ng hadith na iniulat ni Al-Bukhari 4323) at iniulat ni Muslim 2498).

2 Ang humarap sa Qiblah.

3 Ang pagtaas ng dalawang kamay.

Ang dalawang sunnah na ito ay ipinahiwatig ng hadith na isinalaysay ni Abdullah bin Abbas –radiya-llahu 'anhuma– sabi niya na: "Isinalaysay sa akin ni Umar ibn al-Khattab - radiya-llahu 'anhu - kanyang sinabi na: Noong araw ng Badr, tiningnan ng Sugo ng Allah - salla-llahu 'alayhi wa sallam - ang mga 'mushrikun' at sila ay nasa isang libo ang dami, at ang kanyang mga kasamahan ay tatlong daan at labing-siyam na kalalakihan, kaya't humarap ang Nabiyy ng Allah sa Qiblah, pagkatapos ay itinaas niya ang kanyang dalawang kamay, at siya'y tumawag sa kanyang Panginoon:

«اللَّهُمَّ أَنْجِزْ لِي مَا وَعَدْتَنِي، اللَّهُمَّ آتِ مَا وَعَدْتَنِي»:

"O Allah tuparin Mo po ang ipinangako Mo sa akin, O Allah, ipagkaloob Mo po ang ipinangako Mo sa akin" (Salin ng Hadith na iniulat ni Muslim 1763).

4 Ang simulan ang kanyang pananalangin sa pagpuri sa Allah -azza wa jalla- at manalangin para sa Kanyang Sugo -salla-llahu 'alayhi wa sallam- , base sa Hadith na isinalaysay ni Fadaalah bin Ubaid, naging kasa-kasama siya ng Sugo ng Allah -salla-llahu 'alyhi wa sallam- , kanyang sinabi na: narinig ng Sugo ng Allah -salla-

llahu 'alayhi wa sallam- ang isang tao na nananalangin sa kanyang pagdarasal na hindi nagbanggit ng pagpuri sa Allah -ta'ala- at hindi nagbanggit ng panalangin para sa Nabiyy -salla-llahu 'alyhi wa sallam- kaya't sinabi ng Sugo ng Allah -salla-llahu 'alayhi wa sallam-: «عَجَلْ هَذَا»: "Ang isang 'to ay nagmamadali," At pagkatapos ay tinawag siya at sinabi sa kanya:

«إِذَا صَلَّى أَحَدُكُمْ، فَلْيَبْدَأْ بِتَمْجِيدِ رَبِّهِ جَلَّ وَعَزَّ، وَالشَّانِ عَلَيْهِ، ثُمَّ يُصَلِّي عَلَى النَّبِيِّ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ، ثُمَّ يَدْعُو بَعْدُ بِمَا شَاءَ»:

"Sinuman sa inyo ang manalangin, simulan niya ito sa

pagdakila sa kanyang Panginoong Allah -azza wa jalla-, at pagpuri sa Kanya, at pagkatapos ay sundan niya ng panalangin para sa Nabiy, pagkatapos ay isunod niya ang panalanging kanyang ninanais,"

(Salin ng Hadith na iniulat ni Abu Dawud at At-Tirmidhi).

Kaya't kung sinimulan ito ng pagpuri sa Allah, lalo na kung ito'y mula sa mga Ayat ng pagpuri na nakasaad sa simula ng mga Surah, at gayun din ang pagpuri na binigkas ng Nabiy –salla-llahu 'alayhi wa sallam– (at atin itong pag-usapan dito), pagkatapos ay sundan ng panalangin na para sa Nabiy –salla-

llahu 'alayhi wa sallam— naging mas malapit sana ito sa kasagutan.

5 Ang manalangin sa Allah – ta'ala— na may positibong pag-iisip tungkol sa Kanya at nakatitiyak na ang panalangin ay sasagutin, at hindi nagmamadali na masagot ang panalangin, ngunit nakatitiyak na sasagutin ng Allah –ta'ala— ang kanyang panalangin. Ayon kay Abu Hurairah, na ang Nabiyy -sallallahu alayhi wa sallam- ay nagsabi:

«لَا يَزَالُ يُسْتَجَابُ لِلْعَبْدِ، مَا لَمْ يَدْعُ بِإِثْمٍ أَوْ قَطِيعَةٍ رَحِمٍ، مَا لَمْ يَسْتَعْجِلْ»:

Ang panalangin ng isang

tagapagsamba ay patuloy na tinutugunan, hangga't hindi nanalangin ng pagkakasala o pagputol ng ugnayan ng kamag-anakan, basta't hindi nagmamadali" (Salin ng Hadith), at naitanong: O Sugo ng Allah ano po ang pagmamadali? At kanyang sinabi:

«يَقُولُ قَدْ دَعَوْتُ وَقَدْ دَعَوْتُ، فَلَمْ أَرَيْسْتَ جِيبُ لِي، فَيَسْتَحْسِرُ عِنْدَ ذَلِكَ وَيَدْعُ الدُّعَاءَ»:

Sinasabi ng nananalangin: "nanalangin ako talagang nanalangin ako, ngunit hindi ko nakita na sinasagot ako," kaya't siya ay titigil na dito at iiwan na niya ang pananalangin. (Salin ng Hadith na iniulat ni Muslim 2735)

6 Ang manalangin sa Allah – ta'ala– sa pamamagitan ng Kanyang Pinakamagagandang mga Pangalan, at pag-iba-ibahin na maging naaangkop sa pinapanalangin. Kaya kung hihiling sa Allah -ta'ala- ng biyaya, sinasabing: Yaa 'Razzaaq' — Ang Tagapagbigay ng Biyaya. Kung hihiling sa Allah -ta'ala- ng habag, sinasabing: Yaa 'Rahman' — Ang Lubos na Mahabagin, Yaa'Raheem' —Ang Lubos na Maawain. Kung hihiling sa Allah -ta'ala- ng kapangyarihan, sinasabing: Yaa 'Azeez' — Ang Lubos na Makapangyarihan.

Kung hihiling sa Allah -ta'ala- ng kapatawaran, sinasabing: Yaa 'Ghafuur' — Ang Lubos na Nagpapatawad. Kung hihiling sa Allah -ta'ala- ng lunas sa karamdaman, sinasabing: Yaa 'Shaafi' — Ang Lubos na Nagbibigay Lunas. At ganoon manalangin na maging angkop sa ipinapanalangin; Base sa sinabi ng Allah -ta'ala- :

﴿وَلِلَّهِ الْأَسْمَاءُ الْحُسْنَىٰ فَادْعُوهُ بِهَا﴾ [الأعراف: ١٨٠]

Na sa salin ng kapaliwanagan:

Kay Allah ang mga Pinakamagagandang mga Pangalan kaya't manalangin kayo sa pamamagitan ng mga ito.

7 Ang ulit-ulitin ang mga sinasabi sa panalangin at patuloy na ihiling sa Allah -ta'ala- nang masinsinan ang kahilingan, Base sa hadith na isinalaysay ni Ibnu Abbas - radiya-llahu 'anhuma- patungkol sa panalangin ng Nabiyy -salla-llahu 'alayhi wa sallam- para sa kanyang mga kasamahan sa Badr, kung saan sinabi niya:

«اللَّهُمَّ أَنْجِزْ لِي مَا وَعَدْتَنِي، اللَّهُمَّ آتِ مَا وَعَدْتَنِي»:

Na ang salin nito: "O Allah tuparin Mo po para sa akin ang Iyong naipangako, O Allah ipagkaloob Mo po sa akin ang Iyong pangako", at patuloy siyang tumatawag sa kanyang Panginoon hanggang

nahulog ang kanyang kapa mula sa kanyang balikat, at si Abu Bakr na namamalaging kasama niya ay nagsasabi na: "O Propeta ng Allah sapat na po ang iyong pagsusumamo sa iyong Panginoon."

(Salin ng Hadith na iniulat ni Muslim 1763)

At ganoon din ang nasa dalawang Sahih, mula sa Hadith na isinalaysay ni Abu Hurairah -radiya-llahu 'anhu- nang nanalangin ang Nabiyy -salla-llahu alayhi wa sallam- para sa tribu ng Daws, kanyang sinabi:

«اللَّهُمَّ اهْدِ دَوْسًا وَائْتِ بِهِم، اللَّهُمَّ اهْدِ دَوْسًا

وَائْتِ بِهِم»:

Na ang salin nito: "O Allah, patnubayan Mo po ang tribu ng

Daws, at dalhin Mo po sila sa Islam, O Allah, patnubayan Mo po ang tribu ng Daws, at dalhin Mo po sila sa Islam."

(Salin ng Hadith na iniulat ni Al-Bukhari #2937 at Muslim #2524)

8 Ang ilihim ang kanyang panalangin at huwag itong ilantad, base sa sinabi ng Allah -ta'ala-:

﴿أَدْعُوا رَبَّكُمْ تَضَرُّعًا وَخُفْيَةً﴾ [الأعراف: ٥٥]

Na sa salin ng kahulugan:

"Manalangin kayo sa inyong Panginoon nang buong kataimtiman at kapakumbabaan at palihim".

At ang patagong panalangin ay malapit sa 'Ikhlas' (katapatan ng

layunin na tanging para lamang sa Allah), kung kaya't pinuri ng Allah -azza wa jalla- ang pananalangin ni Zakaria -sumakanya nawa ang kapayapaan- dahil dito at Kanyang sinabi:

﴿إِذْ نَادَى رَبَّهُ وَنِدَاءً خَفِيًّا﴾ [مریم: ۳]

[Qur'an: Maryam: 3] Na sa salin ng kahulugan: "Nang siya ay nanalangin sa kanyang Panginoon, ng panalanging palihim".

Ninonais dito ang 'Ikhlas', ayon sa isa sa mga sinabi ng mga dalubhasa sa 'Tafsiir' —o kapaliwanagan ng Kahulugan ng Qur'an.

9 Ang maglaman ang kanyang panalangin ng pagpuri at

pagdakila sa Allah -ta'ala-, sapagkat kamahal-mahal sa Allah -ta'ala- na ang Kanyang tagapagsamba ay sumasamba na may pagpupuri para sa Kanya. Ang sambahin Siya sa pamamagitan ng pagpupuri sa Kanya, at kung hindi man magkagayun, tunay na Dakila ang Allah na hindi Niya kinakailangan ang Kanyang mga tagapagsamba. Kaya sa isang Hadith na naiulat sa Dalawang 'Sahih' isinalayasay ni Ibn Mas'ud na Sinabi ng Nabiy -salla-llahu 'alayhi wa sallam- :

«وَلَا أَحَدٌ أَحَبَّ إِلَيْهِ الْمَدْحُ مِنَ اللَّهِ وَلِذَلِكَ

مَدَحَ نَفْسَهُ»:

Na ang salin nito:

Walang sinuman ang mas higit na may gusto ng pagpupuri kaysa sa Allah, at dahil diyan ay pinupuri Niya ang Kanyang sarili.

10 Ang magmatyag ang nananalangin sa mga oras kung kelan tinutugonan ang mga panalangin at manalangin siya sa Allah -ta'ala- sa mga oras na ito.

At kabilang sa mga oras kung kailan tinutugonan ang mga panalangin na nabanggit sa basehan: (Ay ang panalangin sa pagitan ng 'Adhan' at ng 'Iqaamah' — at sa huling ikatlong bahagi ng gabi

— at sa panahon ng Jum'ah — at pagkatapos ng limang pang-araw-araw na obligadong pagdarasal — at habang nagpapatirapa — at tuwing umuulan — at ang palihim na panalangin ng Muslim para sa kanyang kapatid — at ang panalangin ng isang ama para sa kanyang anak — at ang panalangin ng naglalabay — at ang panalangin ng isang naapi).



صَاحِبِ الدُّعَاءِ وَالشَّعَائِرِ عَلَى اللَّهِ تَعَالَى



**Mga Papuri sa
Allah –azza wa jalla–**





﴿الْحَمْدُ لِلَّهِ رَبِّ الْعَالَمِينَ ﴿٢﴾ الرَّحْمَنِ
الرَّحِيمِ ﴿٣﴾ مَلِكِ يَوْمِ الدِّينِ ﴿٤﴾﴾

[الفاتحة: ٢-٤]

Ang Lahat na Papuri na nararapat sa Allah ay tanging Kanya lamang, ang Panginoon ng mga sanlibutan
* Ang 'Ar-Rahman' – Lubos na Mahabagin, ang 'Ar-Raheem' – Lubos na Maawain * Ang Hari sa Araw ng Paghuhukom.

[Salin ng Kapaliwanagan < Qur'an:
Al-Fatihah: 2-4



﴿الْحَمْدُ لِلَّهِ فَاطِرِ السَّمَوَاتِ وَالْأَرْضِ
 جَاعِلِ الْمَلَائِكَةِ رُسُلًا أُولِي أَجْنِحَةٍ مَّثْنَى
 وَثُلَّةٍ وَرُبْعٍ يَزِيدُ فِي الْخَلْقِ مَا يَشَاءُ إِنْ
 اللَّهُ عَلَى كُلِّ شَيْءٍ قَدِيرٌ﴾ [فاطر: ١]

Ang Lahat na Papuri na nararapat sa Allah ay tanging Kanya lamang, ang Nagpasimula ng paglikha mga kalangitan at at kalupaan, at ginawa Niya ang mga anghel na mga sugo na may mga pakpak na dalawa, tatlo o apat, at dinaragdagan Niya ang paglikha sa anuman na Kanyang nais. Katiyakan, ang Allâh ang ‘Qadeer’ – Ganap na May Kakayahan at Makapangyarihan sa lahat ng bagay.

[Salin ng Kapaliwanagan < Qur'an:
Fatir: 1]



﴿الْحَمْدُ لِلَّهِ الَّذِي خَلَقَ السَّمَوَاتِ وَالْأَرْضَ
وَجَعَلَ الظُّلُمَاتِ وَالنُّورَ﴾ [الأنعام: ١]

Ang Lahat na Papuri na nararapat sa Allah ay tanging Kanya lamang na Siyang lumikha ng mga kalangitan at kalupaan, at Siya rin ang gumawa ng mga kadiliman at liwanag.

[Salin ng Kapaliwanagan < Qur'an:
Al-An'aam: 1]



﴿الْحَمْدُ لِلَّهِ الَّذِي لَهُ مَا فِي السَّمَوَاتِ وَمَا فِي الْأَرْضِ وَلَهُ الْحَمْدُ فِي الْآخِرَةِ وَهُوَ الْحَكِيمُ الْخَبِيرُ﴾ [سبأ: ١]

Ang Lahat na Papuri na nararapat sa Allah ay tanging Kanya lamang, na Bukod-Tangi na Siya ang Nagmamay-ari ng lahat ng nasa mga kalangitan at nasa kalupaan. Siya lamang ang Nagmamay-ari ng pinakaganap na pagpuri sa Kabilang-Buhay, at Siya ay ‘Al-Hakeem’ – ang Ganap na Naglagay sa lahat sa tamang kalalagyan, na ‘Al-Khabeer’ – ang Pinaka-dalubhasa at

Ganap ang Kanyang Kagalingan.

[Salin ng Kapaliwanagan < Qur'an:
Saba-a: 1]



«الْحَمْدُ لِلَّهِ حَمْدًا كَثِيرًا طَيِّبًا مُبَارَكًا فِيهِ»

*AL-HAM-DU LI-LLAHI HAMDAN
KA-THEE-RAN TAY-YIBAN MU-
BAA-RAKAN FEEH*

Ang Lahat na Papuri na nararapat sa Allah ay tanging Kanya lamang, Pagpuring Pinakamarami, Pinakamainam, at Pinakamabiyaya.

«رَبَّنَا لَكَ الْحَمْدُ مِْلُ السَّمَاوَاتِ وَالْأَرْضِ،
 وَمِْلُ مَا شِئْتَ مِنْ شَيْءٍ بَعْدُ، أَهْلَ الشَّنَاءِ
 وَالْمَجْدِ، أَحَقُّ مَا قَالَ الْعَبْدُ، وَكُلُّنَا لَكَ عَبْدٌ:
 اللَّهُمَّ لَا مَانِعَ لِمَا أَعْطَيْتَ، وَلَا مُعْطِيَ لِمَا
 مَنَعْتَ، وَلَا يَنْفَعُ ذَا الْجَدِّ مِنْكَ الْجَدُّ»

*RAB-BANA LAKAL-HAMDU MIL-
 US-SAMAWAATI WAL-ARDH, WA
 MIL-U MAA SHI'TA MIN SHAY-
 IN BA'DU, AH-LATH-THANAA-I
 WAL-MAJ-DI, AHAQ-QU MAA
 QAALAL'ABDU, WA KULLUNA
 LAKA 'ABDUN, ALLAHUMMA
 LAA MAA-NI'A LIMA A'-TAY-TA,*

*WA LAA MU'-TIYA LIMA MANA'-
TA, WA LAA YANFA'U DHAL-JAD-
DI MIN-KAL-JADD*

Aming Panginoon sa Iyo ang Pagpuring kasing puno ng mga Kalangitan at Kalupaan, at kasing puno ng anumang Iyong ninanais pagkatapos, ang karapat-dapat na papuri at pagdakila, ang mas nararapat na sabihin ng isang tagapagsamba, at kami lahat ay Iyong mga alipin: O Allah walang makakapigil sa Iyong ipinagkakaloob, at walang makakapagbigay sa iyong pinigilan, na mawawalan ng silbi ang mga pagsisikap, sa kapahintulutan Mo ang mga pagsisikap.



«اللَّهُمَّ لَكَ الْحَمْدُ كُلُّهُ، وَإِلَيْكَ يَرْجِعُ الْأَمْرُ
كُلُّهُ»

*ALLAAHUMMA LAKAL-HAMDU
KULLUHU, WA ILAY-KA YAR-JI-
'UL-AMRU KULLUHU*

O Allah sa iyo lahat ang Pagpuri,
at patungo sa Iyo magbabalik ang
lahat ng mga bagay.

«اللَّهُمَّ رَبَّنَا لَكَ الْحَمْدُ أَنْتَ قَيِّمُ السَّمَوَاتِ
 وَالْأَرْضِ، وَلَكَ الْحَمْدُ أَنْتَ رَبُّ السَّمَوَاتِ
 وَالْأَرْضِ وَمَنْ فِيهِنَّ، وَلَكَ الْحَمْدُ أَنْتَ
 نُورُ السَّمَوَاتِ وَالْأَرْضِ وَمَنْ فِيهِنَّ، أَنْتَ
 الْحَقُّ، وَقَوْلُكَ الْحَقُّ، وَوَعْدُكَ الْحَقُّ، وَلِقَاؤُكَ
 الْحَقُّ، وَالْجَنَّةُ حَقٌّ، وَالنَّارُ حَقٌّ، (وَالنَّبِيُّونَ
 حَقٌّ، وَمُحَمَّدٌ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ حَقٌّ)
 وَالسَّاعَةُ حَقٌّ، اللَّهُمَّ لَكَ أَسْلَمْتُ، وَبِكَ
 آمَنْتُ، وَعَلَيْكَ تَوَكَّلْتُ، (وَإِلَيْكَ أَنْبَتُ)
 وَإِلَيْكَ خَاصَمْتُ، وَبِكَ حَاكَمْتُ، فَاعْفِرْ
 لِي مَا قَدَّمْتُ وَمَا أَخَّرْتُ، وَأَسْرَرْتُ

وَأَعْلَنْتُ، وَمَا أَنْتَ أَعْلَمُ بِهِ مِنِّي، (أَنْتَ
الْمُقَدِّمُ، وَأَنْتَ الْمُؤَخَّرُ) لَا إِلَهَ إِلَّا أَنْتَ

*ALLAAHUMMA RAB-BANA
LAKAL-HAMDU, ANTA QAY-YI-
MUS-SAMAWAATI WAL-ARDH,
WA LAKAL-HAMDU ANTA RAB-
BUS-SAMAWAATI WAL-AR-
DHI WA MAN FI-HINNA, WA
LAKAL-HAMDU ANTA NUURUS-
SAMAWAATI WAL-AR-DHI WA
MAN FI-HINNA, ANTAL-HAQQ,
WA QAWLUKAL-HAQQ, WA
WA'DUKAL-HAQQ, WA LIQAA-
UKAL-HAQQ, WAL-JANNATU
HAQQ, WAN-NAARU HAQQ,
(WAN-NABIYYUUNA HAQQ, WA*

*MUHAMMAD SALLA-LLAHU
'ALAYHIWASALLAMAHAAQQ, WAS-
SAA'ATU HAQQ, ALLAHUMMA
LAKA AS-LAMTU, WA BIKA
AAMANTU, WA 'ALAYKA TAWAK-
KALTU, (WA ILAYKA ANABTU),
WA ILAYKA KHAASAMTU, WA
BIKA HAAKAMTU, FAGH-FIR
LI MAA QAD-DAMTU WA MAA
AKH-KHARTU, WA AS-RAR-TU
WA A'-LAN-TU, WA MAA ANTA
A'LAMU BIHI MIN-NI, (ANTAL-
MUQADDIMU WA ANTAL-MU-
AKH-KHIRU), LAA ILAHA ILLA
ANTA*

O Allah, Panginoon namin, sa
Iyo lamang ang Papuri, Ikaw ang

Tagapagpanatili sa mga langit at lupa. Sa Iyo lamang ang Papuri, Ikaw ang Panginoon ng mga kalangitan at kalupaan at mga nilalaman ng mga ito. Sa Iyo lamang ang Papuri, Ikaw ang Liwanag sa mga kalangitan at kalupaan. Ikaw ang katotohanan, ang Iyong mga sinabi ay ang katotohanan, ang Iyong mga ipinangako ay ang katotohanan, at ang pagsalubong Sayo ay siyang katotohanan, ang Hardin sa kabilang-buhay ay katotohanan, ang apoy ng kaparusahan ay katotohanan, (ang mga Nabi ay katotohanan, at si Muhammad -salla-llahu 'alayhi wa sallam- ay

katotohanan), at ang huling oras ay katotohanan. O Allah, sa Iyo ako nagsusubmita, at sa Iyo ako naniniwala, at sa Iyo ako nananalig, (at sa Iyo ako nagbabalik-loob), Ikaw ang aking basehan at sa Iyo ang aking mga pagpapasya. Kaya patawarin Mo po ako sa mga nauna at mga darating, sa mga nailihim ko at mga nailantad, at mga nasa sa akin na Ikaw ang mas nakakaalam kaysa sa akin, (Ikaw ang nauna – at walang nauna sa Iyo, at ikaw ang huli – na walang wakas), at walang sasambahin kundi Ikaw lamang.



﴿اللَّهُمَّ مَلِكَ الْمُلْكِ تُؤْتِي الْمُلْكَ مَنْ تَشَاءُ
وَتَنْزِعُ الْمُلْكَ مِمَّنْ تَشَاءُ وَتُعِزُّ مَنْ تَشَاءُ
وَتُذِلُّ مَنْ تَشَاءُ بِيَدِكَ الْخَيْرُ إِنَّكَ عَلَىٰ كُلِّ
شَيْءٍ قَدِيرٌ ﴿٢٦﴾ تُوَلِّجُ اللَّيْلَ فِي النَّهَارِ وَتُوَلِّجُ
النَّهَارَ فِي اللَّيْلِ وَتُخْرِجُ الْحَيَّ مِنَ الْمَيِّتِ
وَتُخْرِجُ الْمَيِّتَ مِنَ الْحَيِّ وَتَرْزُقُ مَنْ تَشَاءُ

بِغَيْرِ حِسَابٍ ﴿٢٧﴾ [آل عمران: ٢٦-٢٧]

O Allah na Nagtataglay ng lahat
ng Kaharian, Ikaw ang tanging
Nagkakaloob ng kaharian sa

sinuman na Iyong nais, at kinukuha Mo ang kaharian sa sinuman na Iyong nais, at pinagkakalooban Mo ng kapangyarihan ang sinuman na Iyong nais, at hindi Mo iniaangat ang sinuman na Iyong nais. Nasa Iyong Kamay ang kabutihan. Katiyakan, Ikaw ang 'Qadeer'—Walang-Hanggan at Ganap na Makapangyarihan na May Kakayahang gawin ang lahat ng bagay.

Ipinapasok Mo ang gabi sa araw at ang araw ay ipinapasok Mo sa gabi, at inilalabas Mo ang may buhay mula sa patay, at inilalabas Mo ang isang patay mula sa buhay, at nagkakaloob Ka ng biyaya sa

sinuman na Iyong nais nang walang
hangganang.

(Dalawang talata mula sa Surah Ali
'Imraan, Ayat (26-27), at sa simula
ng unang talata ang salitang (Qul:
Sabihin) ay sadyang tinanggal
upang ipahiwatig ang simula ng
panalangin.)

5

«اللَّهُمَّ رَبَّ السَّمَوَاتِ وَرَبَّ الْأَرْضِ وَرَبَّ
 الْعَرْشِ الْعَظِيمِ، رَبَّنَا وَرَبَّ كُلِّ شَيْءٍ، فَالِقَ
 الْحَبِّ وَالنَّوَى، وَمُنزِلَ التَّوْرَةِ وَالْإِنْجِيلِ
 وَالْفُرْقَانِ، أَعُوذُ بِكَ مِنْ شَرِّ كُلِّ شَيْءٍ
 أَنْتَ آخِذٌ بِنَاصِيَتِهِ، اللَّهُمَّ أَنْتَ الْأَوَّلُ
 فَلَيْسَ قَبْلَكَ شَيْءٌ، وَأَنْتَ الْآخِرُ فَلَيْسَ
 بَعْدَكَ شَيْءٌ، وَأَنْتَ الظَّاهِرُ فَلَيْسَ فَوْقَكَ
 شَيْءٌ، وَأَنْتَ الْبَاطِنُ فَلَيْسَ دُونَكَ شَيْءٌ،
 اقْضِ عَنَّا الدَّيْنَ، وَأَغْنِنَا مِنَ الْفَقْرِ»

ALLAAHUMMA RAB-BUS-SAMAAWATI WAL-AR-DHI WA RAB-BAL-'AR-SHIL-'A-DHEEM, RAB-BANA WA RAB-BA KULLI SHAY-IN, FAA-LIQAL-HAB-BI WAN-NAWA, WA MUN-ZILAT-TAW-RAATI WAL-IN-JEELI WAL-FURQAAN, A'UUDHU BIKA MIN SHAR-RI KUL-LI SHAY-IN ANTA AA-KHI-DHA BINAASIYATI, ALLAHUMMA ANTAL-AW-WALU FALAYSA QAB-LAKA SHAY-UN, WA ANTAL-AA-KHIRU FALAYSA BA'DUKA SHAY-UN, WA AN-TADH-DHAA-HIRU FALAYSA FAW-QAKA SHAY-UN, WA ANTAL-BAA-TINU FALAYSA DUUNAKA

*SHAY-UN, IQ-DHI 'ANNAAD-
DAY-NA, WA-AGH-NINA MIN-
NAL-FAQ-RI*

O Allah, ang Panginoon ng mga kalangitan at Panginoon ng kalupaan at Panginoon ng Dakilang Trono, aming Panginoon at Panginoon ng lahat ng mga bagay, na nagtipak ng butil at kalagitnaan, ang nagpahayag ng Torah, Injil at Furqan, ako ay nagpapakupkop sa Iyo mula sa kasamaan ng lahat ng bagay, Ikaw ang may hawak sa kanilang mga noo. O Allah, Ikaw ang una at walang nauna sa Iyo, at Ikaw ang huli at walang kasunod sa Iyo, Ikaw ang lantad at walang

nasa ibabaw Mo, at Ikaw ang loob
kaya't wala ng mas loob pa. Iparaos
Mo po kami sa pagkakautang, at
pagyamanin Mo po kami mula sa
paghihirap.

6

«اللَّهُمَّ إِنِّي أُشْهِدُكَ وَأُشْهِدُ مَلَائِكَتَكَ
وَحَمَلَةَ عَرْشِكَ، وَأُشْهِدُ مَنْ فِي السَّمَاوَاتِ
وَمَنْ فِي الْأَرْضِ، أَنَّكَ أَنْتَ اللَّهُ لَا إِلَهَ إِلَّا
أَنْتَ وَحْدَكَ لَا شَرِيكَ لَكَ، وَأُشْهِدُ أَنَّ
مُحَمَّدًا عَبْدُكَ وَرَسُولُكَ»

*ALLAAHUMMA INNI ASH-HADUKA
WA ASH-HADU MALAA-IKATAKA
WA HAMALATA 'AR-SHIKA, WA
ASH-HADU MAN FIS-SAMAWAATI
WA MAN FIL-AR-DHI, AN-NAKA
ANTA-LLAHU LAA ILAHA IL-LA
ANTA WAH-DA-KA LAA SHAREEKA*

*LAKA, WA ASH-HADU AN-NA
MUHAMMADAN 'AB-DUKA WA
RASUU-LUK*

O Allah, tunay na ako'y sumasaksi sa Iyo, at ako'y sumasaksi sa Iyong mga anghel at mga tagapagkarga ng Iyong Arsh, at ako'y sumasaksi sa sinumang nasa mga kalangitan at nasa kalupaan, na tunay na Ikaw ang Allah, walang nararapat sambahin maliban sa Iyo, tanging Ikaw lamang, wala Kang katambal, at ako'y sumasaksi na si Muhammad ay Iyong lingkod at Iyong sugo.



«اللَّهُمَّ إِنِّي أَسْأَلُكَ بِأَنِّي أَشْهَدُ أَنَّكَ أَنْتَ
اللَّهُ لَا إِلَهَ إِلَّا أَنْتَ الْأَحَدُ الصَّمَدُ، الَّذِي
لَمْ يَلِدْ وَلَمْ يُولَدْ وَلَمْ يَكُنْ لَهُ كُفُوًا أَحَدٌ»

*ALLAAHUMMA IN-NI AS-ALUKA
BI-AN-NI ASH-HADU AN-NAKA
ANTA-LLAHU LAA ILAHA IL-
LA ANTA, AL-AHADUS-SAMAD,
AL-LA-DHI LAM YALID WA LAM
YUU-LAD WA LAM YAKUN LAHU
KUF-WAN AHAD*

O Allah tunay na ako'y
nagsusumamo sa Iyo, na ako'y
sumasaksi na tunay Kang Ikaw ang

Allah, wala nararapat sambahin maliban sa Iyo, ang Nag-iisa, ang ‘As-Samad’ – ang Nagpapanatili at Nagkaloob ng mga kinakailangan ng lahat at Siyang Ganap at walang pangangailangan, na hindi nagsilang at hindi isinilang, at sa Kanya ay walang maihahalintulad.

(Nabanggit sa hadith na ang panalangin na ito ay ang pinakadakilang pangalan ng Allah na kung Siya ay tatawagin sa pamamagitan nito ay tutugon Siya at kung hihiling sa Kanya sa pamamagitan nito ay magbibigay Siya)

«لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ الْعَظِيمُ الْحَلِيمُ، لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ رَبُّ الْعَرْشِ الْعَظِيمِ، لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ رَبُّ السَّمَاوَاتِ وَرَبُّ الْأَرْضِ وَرَبُّ الْعَرْشِ الْكَرِيمِ»

*LAA ILAHA IL-LA-LLAHUL-
'A-DHEEMUL-HALEEM, LAA
ILAHA IL-LA-LLAHU RAB-
BUL-'AR-SHIL-'A-DHEEM, LAA
ILAHA IL-LA-LLAHU RAB-BUS-
SAMAWAATI WA RAB-BUL-AR-
DHI WA RAB-BUL-'AR-SHIL-
KAREEM*

Walang sasambahin maliban sa Allah, ang 'Al-'A-dheem' – nasa Kanya ang kabuuan ng lahat ng pinakadakilang Katangian, ang 'Al-Haleem' – Dakilang Mapagpaumanhin at Mahinahon, walang sasambahin maliban sa Allah ang Panginoon ng Dakilang ' 'Arsh', walang sasambahin maliban sa Allah ang Panginoon ng mga kalangitan at Panginoon ng kalupaan, at Panginoon ng marangal na ' 'Arsh'.

(Ito ay isa sa mga panalangin kapag nasa pagkabalisa at pag-aalala)



«اللَّهُ، اللَّهُ رَبِّي لَا أُشْرِكُ بِهِ شَيْئًا»

*ALLAAH, ALLAHU RAB-BI LAA
ASH-RIKU BIHI SHAY-AN*

Ang Allah, Ang Allah ang Panginoon
ko, hindi ako magtatambal sa Kanya
ng kahit anuman

(Ito ay isa sa mga panalangin kapag
nasa pagkabalisa at pag-aalala)



«لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ وَحْدَهُ لَا شَرِيكَ لَهُ، اللَّهُ
 أَكْبَرُ كَبِيرًا، وَالْحَمْدُ لِلَّهِ كَثِيرًا، سُبْحَانَ
 اللَّهِ رَبِّ الْعَالَمِينَ، لَا حَوْلَ وَلَا قُوَّةَ إِلَّا
 بِاللَّهِ الْعَزِيزِ الْحَكِيمِ»

*LAA ILAHA IL-LA-LLAHU WAH-
 DAHU LAA SHAREEKA LAHU,
 ALLAHU AKBAR KABEERAN,
 WAL-HAMDU LI-LLAHI
 KATHEERAN, SUB-HANA-LLAHI
 RAB-BIL-'AA-LAMEEN, LAA
 HAW-LA WA LAA QUW-WATA
 IL-LA BI-LLAHIL-'AZEEZIL-
 HAKEEM*

Walang sasambahin maliban sa Allah, tanging Siya lamang Mag-isa, wala Siyang kasosyo. Ang Allah ay Pinaka-Dakila - higit na dakilang Pagdakila, at ang Pagpuri ay tanging sa Allah - higit na maraming Pagpuri. Pinaka-Maluwalhati ang Allah - Panginoon ng mga sanlibutan, walang kapasidad at walang lakas liban sa kapahintulutan ng Allah, ang 'Al-'Azeez' – ang Kataas-Taasan at Punung-Puno ng Karangalan na Ganap na Makapangyarihan, ang 'Al-Hakeem' – ang Ganap na Naglagay sa lahat sa tamang kalalagyan.

«لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ وَحْدَهُ لَا شَرِيكَ لَهُ، لَهُ
 الْمُلْكُ، وَلَهُ الْحَمْدُ، وَهُوَ عَلَى كُلِّ شَيْءٍ
 قَدِيرٌ، سُبْحَانَ اللَّهِ، وَالْحَمْدُ لِلَّهِ، وَلَا إِلَهَ
 إِلَّا اللَّهُ، وَاللَّهُ أَكْبَرُ، وَلَا حَوْلَ وَلَا قُوَّةَ إِلَّا
 بِاللَّهِ الْعَلِيِّ الْعَظِيمِ»

*LAA ILAHA IL-LA-LLAHU WAH-
 DAHU LAA SHAREEKA LAHU,
 LAHUL-MUL-KU, WA LAHUL-
 HAM-DU, WA HUWA 'ALA KUL-LI
 SHAY-IN QADEER, SUB-HANA-
 LLAH, WAL-HAMDU LI-LLAH,
 WA LAA ILAHA IL-LA-LLAH, WA-*

*LLAHU AKBAR, WA LAA HAW-LA
WA LAA QUW-WATA IL-LA BI-
LLAHIL-'ALEY-YUL-'A-DHEEM*

Walang sasambahin maliban sa Allah na nag-iisa na walang katambal, sa Kanya ang Pag-hahari, sa Kanya ang Pagpuri, at Siya ay Ganap na Makapangyarihan na May Kakayahang gawin ang lahat ng bagay, Pinaka-Maluwalhati ang Allah, Ang Pagpuri ay tanging sa Allah lamang, at walang sambahin maliban sa Allah, at ang Allah ang Pinaka-Dakila, walang kapasidad at walang lakas liban sa kapahintulutan ng Allah , ang ‘Al-`Alee’ – ang Pinaka nasa Kataas-

taasan na angkop sa Kanyang Kadakilaan. At ang 'Al-'A-dheem' – nasa Kanya ang kabuuan ng lahat ng pinakadakilang Katangian.



«لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ وَحْدَهُ، أَنْجَزَ وَعَدَّهُ، وَنَصَرَ
عَبْدَهُ، وَهَزَمَ الْأَحْزَابَ وَحْدَهُ»

*LAA ILAHA IL-LA-LLAHU WAH-
DAHU, AN-JAZA WA'DAHU,
WA NASARA 'AB-DAHU, WA
HAZAMAL-AHZAA-BA WAH-
DAHU*

Walang sambahin maliban sa Allah,
tanging Siya lamang, tinupad
Niya ang Kanyang pangako,
sinuportahan Niya ang Kanyang
lingkod, at nilupig Niya ang mga
panig mag-isa



«اللَّهُمَّ أَنْتَ رَبِّي لَا إِلَهَ إِلَّا أَنْتَ، خَلَقْتَنِي
وَأَنَا عَبْدُكَ، وَأَنَا عَلَى عَهْدِكَ وَوَعْدِكَ مَا
اسْتَطَعْتُ، أَعُوذُ بِكَ مِنْ شَرِّ مَا صَنَعْتُ،
أَبُوءُ لَكَ بِنِعْمَتِكَ عَلَيَّ، وَأَبُوءُ لَكَ بِذَنْبِي
فَاغْفِرْ لِي، فَإِنَّهُ لَا يَغْفِرُ الذُّنُوبَ إِلَّا أَنْتَ»

*ALLAAHUMMA ANTARAB-BILAA
ILAHA IL-LA ANTA, KHALAQ-
TANI WA ANA 'AB-DUK, WA ANA
'ALA 'AH-DIKA WA WA'DIKA
MAS-TATA'TU, A-UU-DHU BIKA
MIN SHAR-RI MAA SANA'TU,
ABUU-U LAKA BI-NI'MATIKA
'ALAY-YA, WA ABUU-U LAKA*

*BI-DHAN-BI FAGH-FIR LI, FA-
IN-NAHU LAA YAGH-FI RUDH-
DHUNUUBA IL-LA ANTA*

O Allah Ikaw ang aking Panginoon walang sasambahin maliban sa Iyo, ako'y Iyong nilikha at ako'y Iyong tagapagsamba, ako'y nasa panunumpa Sayo at pangako Sayo sa abot ng aking kakayahan, ako'y nagpapakupkop Sayo mula sa anumang kasamaang mula sa aking nagawa, inaamin ko sa Iyo na kinikilala ko po ang mga biyayang ipinagkaloob Mo sa akin, inaamin ko sa Iyo ang aking mga pagkakasala kung kaya't patawarin Mo po ako, dahil tunay na walang

makapagpapatawad sa mga
kasalanan maliban sa Iyo.

«اللَّهُمَّ إِنِّي أَسْأَلُكَ بِأَنَّ لَكَ الْحَمْدُ، لَا إِلَهَ إِلَّا أَنْتَ الْمَنَّانُ، بَدِيعُ السَّمَوَاتِ وَالْأَرْضِ، يَا ذَا الْجَلَالِ وَالْإِكْرَامِ، يَا حَيُّ يَا قَيُّوْمُ»

*ALLAAHUMMA IN-NI AS-ALUKA
BI-AN-NA LAKAL-HAMD, LAA
ILAHA IL-LA ANTAL-MANAAN,
BADEE'US-SAMAWAATI WAL-
ARDH, YAA DHAL-JALAALI WAL-
IK-RAAM, YAA HAY-YU YAA QAY-
YUUM*

O Allah tunay na ako po'y nagsusumamo sa Iyo at tunay na sa iyo ang Pagpuri, walang

sasambahin maliban sa Iyo, Ikaw ang 'Al-Manaan' — Tagapagbigay ng pagpapala. Ang nagpasimula ng mga kalangitan at kalupaan. Ikaw po na Nagtataglay ng Lubos na Kadakilaan at Ganap na Karangalan. O Ikaw po na 'Hayy' — laging buhay magpakailan man. O Ikaw po na 'Qayyum' — nagpapanatili sa lahat at namamahala sa lahat.

(Nabanggitsahadithnaangpanalangin na ito ay ang pinakadakilang pangalan ng Allah na kung Siya ay tatawagin sa pamamagitan nito ay tutugon Siya at kung hihiling sa Kanya sa pamamagitan nito ay magbibigay Siya)



«سُبْحَانَكَ مَا أَعْظَمَكَ رَبَّنَا»

*SUB-HANA-KA MAA A'DHA-MA-
KA RAB-BANA*

Pinaka-Maluwalhati Ka po,
Napaka-Dakila Mo po Panginoon
namin



«سُبْحَانَ ذِي الْجَبَرُوتِ وَالْمَلَكُوتِ
وَالْكِبْرِيَاءِ وَالْعَظَمَةِ»

*SUB-HANA DHIL-JABARUUTI
WAL-MALAKUUTI WAL-KIB-
RIYAA-I WAL-'A-DHA-MAH*

Pinaka-Maluwalhati na nagtataglay ng Pinaka-Dakilang Kapangyarihan, Pinaka-Dakilang Kaharian, Pinaka-Dakilang Karangalan, at kabuuan ng lahat ng pinakadakilang Katangian



«اللَّهُ أَكْبَرُ اللَّهُ أَكْبَرُ اللَّهُ أَكْبَرُ اللَّهُ أَكْبَرُ ذُو الْمَلَكُوتِ
وَالْجَبْرُوتِ وَالْكِبْرِيَاءِ وَالْعِزَّةِ»

*ALLAAHU AK-BAR —tatlong
beses— DHIL- MALAKUUTI WAL-
JABARUUTI WAL- KIB-RIYAA-I
WAL-'A-DHA-MAH*

Ang Allah ang Pinaka-Dakila —
tatlong beses— na nagtataglay
ng Pinaka-Dakilang Kaharian,
Pinaka-Dakilang Kapangyarihan,
Pinaka-Dakilang Karangalan, at
kabuuan ng lahat ng pinakadakilang
Katangian

«اللَّهُ أَكْبَرُ كَبِيرًا، وَالْحَمْدُ لِلَّهِ كَثِيرًا،
وَسُبْحَانَ اللَّهِ بُكْرَةً وَأَصِيلًا»

*ALLAAHU AK-BARU KABEERAN,
WAL-HAM-DU LI-LLAHI KA-
THEE-RAN, WA SUB-HANA-
LLAHI BUK-RATAN WA ASEE-
LAN*

Ang Allah ay Pinaka-Dakila - higit na dakilang Pagdakila, at ang Pagpuri ay tanging sa Allah - higit na maraming Pagpuri. At Pinaka-Maluwalhati ang Allah - sa madaling araw at sa katapusan ng hapon.

Kanais-nais sa nananalangin na pagkatapos magpahayag ng Pagpuri sa Allah —ta'ala — ay manalangin para sa Nabi —salla-llahu 'alayhi wa sallam —.

«اللَّهُمَّ صَلِّ وَسَلِّمْ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ، كَمَا صَلَّيْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ، وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ، إِنَّكَ حَمِيدٌ مَجِيدٌ»

O Allah Pagpalain Mo po at gawaran ng Kapayapaan si Muhammad at ang pamilya ni Muhammad, tulad ng Iyong Pagpapala kay Ibrahim at sa pamilya ni Ibrahim, tunay na Ikaw ay puno ng Pagpupuri at Kamaharlikaan.



صَاحِبِ الدُّعَاءِ وَالشَّعَائِرِ عَلَى اللَّهِ تَعَالَى



Mga Panalangin sa Quran





﴿حَسْبِيَ اللَّهُ لَا إِلَهَ إِلَّا هُوَ عَلَيْهِ تَوَكَّلْتُ

وَهُوَ رَبُّ الْعَرْشِ الْعَظِيمِ﴾ [التوبة: ١٢٩]

Sapat na sa akin ang Allah, walang sasambahin maliban sa Kanya, sa Kanya ako nananalig; at Siya ang ‘Rabbul `Arshil Adheem’ – Panginoon na Nagmamay-ari ng Dakilang ‘Arsh’ (Trono — ito ang pinakadakila sa lahat ng Kanyang mga nilikha).

[Salin ng Kapaliwanagan < Qur'an:
At-Tawbah: 129]



﴿لَا إِلَهَ إِلَّا أَنْتَ سُبْحَانَكَ إِنِّي كُنْتُ مِنَ

الظَّالِمِينَ﴾ [الأنبياء: ٨٧]

Walang sasambahin kundi tanging Ikaw lamang, Pinaka-Maluwalhati po Kayo, at ako ay kabilang sa mga nagkasala.

[Salin ng Kapaliwanagan < Qur'an: Al-Anbiya': 87]



﴿رَبِّ اجْعَلْنِي مُقِيمَ الصَّلَاةِ وَمِنْ ذُرِّيَّتِي

رَبَّنَا وَتَقَبَّلْ دُعَاءِ ﴿٤٠﴾ [إبراهيم: ٤٠]

O aking Panginoon, gawin Mo ako na nagsasagawa ng ‘Salah’ at ganoon din sa aking pamilya na patuloy na magsasagawa nito, O aming Panginoon dinggin Mo ang aking panalangin at tanggapin Mo po ang aking pagsamba.

[Salin ng Kapaliwanagan < Qur'an:
Ibrahim:40]



﴿هُنَالِكَ دَعَا زَكَرِيَّا رَبَّهُ ۖ قَالَ رَبِّ هَبْ لِي مِنْ لَدُنْكَ ذُرِّيَّةً طَيِّبَةً ۗ إِنَّكَ سَمِيعُ الدُّعَاءِ﴾ [آل عمران: ٣٨]

O aking Panginoon, pagkalooban Mo ako ng anak mula sa Iyo, na mabuti, matuwid at mabiyaya. Dahil Ikaw ang ‘Samee’ – Ganap na Nakakarinig sa lahat, ganap na nakakarinig ng mga panalangin.

[Salin ng Kapaliwanagan < Qur'an:
Ali 'Imraan: 38]



﴿رَبَّنَا اغْفِرْ لَنَا ذُنُوبَنَا وَإِسْرَافَنَا فِي
أَمْرِنَا وَثَبِّتْ أَقْدَامَنَا وَانصُرْنَا عَلَى الْقَوْمِ
الْكَافِرِينَ﴾ [آل عمران: ١٤٧]

O aming Panginoon, patawarin Mo kami sa aming mga kasalanan at sa kung anuman na aming nagawa na pagmamalabis sa alituntunin ng aming ‘Deen,’ patatagin Mo ang aming mga paa at ipagkaloob Mo sa amin ang tagumpay laban sa mga tumanggi sa Iyong Kaisahan.

[Salin ng Kapaliwanagan <
Ali 'Imraan: 147]



﴿رَبِّ اغْفِرْ وَأَرْحَمْ وَأَنْتَ خَيْرُ

الرَّحِيمِينَ﴾ [المؤمنون: ١١٨]

O aking Panginoon, patawarin Mo po ang mga kasalanan at mahabag Ka; dahil Ikaw ang ‘Khayrur Râhimeen’ – ang Pinakamabuti sa lahat ng maawain na naaawa sa sinumang nagbabalik-loob.

[Salin ng Kapaliwanagan < Qur'an:
Al-Mu'minuun: 118]



﴿رَبِّ إِنِّي ظَلَمْتُ نَفْسِي فَاغْفِرْ لِي﴾

[القصص: ١٦]

O aking Panginoon, katiyakan,
naapi ko ang aking sarili, kaya
patawarin Mo po ako.

[Salin ng Kapaliwanagan < Qur'an:
Al-Qasas: 16]



﴿رَبَّنَا أَفْرِغْ عَلَيْنَا صَبْرًا وَثَبِّتْ أَقْدَامَنَا
وَانصُرْنَا عَلَى الْقَوْمِ الْكَافِرِينَ﴾

[البقرة: ٢٥٠]

O aming Panginoon, ipagkaloob Mo sa aming mga puso ang dakilang pagtitiis, patatagin Mo ang aming mga paa, at ipagkaloob Mo sa amin ang tagumpay laban sa mga tumanggi sa Iyong Kaisahan.

[Salin ng Kapaliwanagan <
Al-Baqarah: 250]



﴿ رَبَّنَا لَا تُزِغْ قُلُوبَنَا بَعْدَ إِذْ هَدَيْتَنَا وَهَبْ لَنَا مِنْ لَدُنْكَ رَحْمَةً إِنَّكَ أَنْتَ الْوَهَّابُ ﴾
[آل عمران: ٨]

“O aming Panginoon, huwag Mo pong ilihis ang aming mga puso pagkatapos Mong ipagkaloob sa aminang Iyong gabay,’ at ipagkaloob Mo sa amin mula sa Iyong kagandahang-loob ang malawak Mong biyaya at awa, katotohanan Ikaw ay ‘Al-Wahhâb’ – ang Ganap at Masaganang Tagapagkaloob ng mga kagandahang-loob at biyaya.

[Salin ng Kapaliwanagan < Qur'an:
Ali 'Imraan: 8]



﴿رَبِّ اَشْرَحْ لِي صَدْرِي ﴿٢٥﴾ وَيَسِّرْ لِي
اَمْرِي ﴿٢٦﴾﴾ [طه: ٢٥-٢٦]

O aming Panginoon, luwagan Mo
ang aking dibdib at gawin Mong
madali ang aking gawain.

[Salin ng Kapaliwanagan < Qur'an:
Ta-Ha: 25-26]



﴿مَسَّنِيَ الضُّرُّ وَأَنْتَ أَرْحَمُ الرَّاحِمِينَ﴾ ﴿٨٣﴾

[الأنبياء: ٨٣]

Katiyakan, tinamaan ako ng matinding pagdadalamhati, at Ikaw ang Pinakamahabagin sa lahat ng mahabagin, na kung kaya, paginhawahin Mo ako mula rito.

[Salin ng Kapaliwanagan < Qur'an: Al-Anbiya': 83]



﴿رَبِّ أَعُوذُ بِكَ مِنْ هَمَزَاتِ الشَّيْطَانِ﴾
﴿وَأَعُوذُ بِكَ رَبِّ أَنْ يَحْضُرُونِ﴾
[المؤمنون: ٩٧-٩٨]

O aking Panginoon, hinihingi ko ang
Iyong kalinga mula sa panlilinlang
at pambubuyo ng mga 'Shaytân',
at hinihingi ko ang Iyong kalinga,
O aking Panginoon na sila ay hindi
makadalo sa anumang aking mga
ginagawa

[Salin ng Kapaliwanagan < Qur'an:
Al-Mu'minuun: 97-98]



﴿رَبَّنَا أَصْرِفْ عَنَّا عَذَابَ جَهَنَّمَ إِنَّ

عَذَابَهَا كَانَ غَرَامًا﴾ [الفرقان: ٦٥]

O aming Panginoon, iligtas Mo po kami mula sa kaparusahan sa Impiyerno, dahil walang pag-aalinlangan, ang kaparusahan dito ay wala nang katapusan sa sinumang paparusahan.

[Salin ng Kapaliwanagan < Qur'an:
Al-Furqaan: 65]



﴿وَسِعَ رَبُّنَا كُلَّ شَيْءٍ عِلْمًا عَلَى اللَّهِ تَوَكَّلْنَا
رَبَّنَا افْتَحْ بَيْنَنَا وَبَيْنَ قَوْمِنَا بِالْحَقِّ وَأَنْتَ

خَيْرُ الْفَاتِحِينَ ﴿٨٩﴾ [الأعراف: ٨٩]

Saklaw ng kaalaman ng Panginoon natin ang lahat ng bagay, sa Allâh tayo nananalig. O aming Panginoon Hukuman Mo kami (na mga naniwala) at sila (na mga hindi naniwala) nang makatarungan, dahil Ikaw ang ‘Khayrul Fâtiheen’ – ang Pinakamagaling sa mga nagbibigay ng paghahatol.”

[Salin ng Kapaliwanagan < Qur'an:
Al-A'raaf: 89]



﴿أَرْزُقْنَا وَأَنْتَ خَيْرُ الرَّازِقِينَ﴾

[المائدة: ١١٤]

Pagkalooban Mo po kami ng masaganang biyaya, at Ikaw ang ‘Khayrur Râziqeen’ – Ganap at Pinakamabuting Tagapagkaloob ng mga biyaya.

[Salin ng Kapaliwanagan < Qur'an:
Al-Ma'idah: 114]



﴿رَبَّنَا آتِنَا مِن لَّدُنكَ رَحْمَةً وَهَيِّئْ لَنَا مِنْ

أَمْرِنَا رَشَدًا﴾ [الكهف: ١٠]

“O aming Panginoon, ipagkaloob Mo po sa amin mula sa Iyo ang habag, at sa aming mga kalagayan gawin Mo pong madali't maayos para sa amin na kami ay mapatnubayan.

[Salin ng Kapaliwanagan < Qur'an:
Al-Kahf: 10]



رَبِّ هَبْ لِي حُكْمًا وَأَلْحِقْنِي

بِالصَّالِحِينَ ﴿٨٣﴾ [الشعراء: ٨٣]

O Panginoonko, pagkalooban Mo po ako ng kaalaman at pagkakaunawa (sa mga bagay-bagay), at ibilang Mo ako sa antas ng mga tunay na nagsipaggawa ng kabutihan

[Salin ng Kapaliwanagan < Qur'an: Ash-Shu'ara':83]

18

﴿رَبِّ زِدْنِي عِلْمًا﴾ [طه: ١١٤]

O aking Panginoon, dagdagan Mo
pa po ako sa kaalaman.

[Salin ng Kapaliwanagan < Qur'an:
Ta-Ha: 114]

19

﴿رَبِّ إِنِّي لِمَا أَنْزَلْتَ إِلَيَّ مِنْ خَيْرٍ فَقِيرٌ﴾

[القصص: ٢٤]

O aking Panginoon, sa mga
ipinagkakaloob Mo sa akin
